Benepisyo para sa Pangangalaga sa Bata at Rebate para sa Buwis ng Pangangalaga sa Bata

Child Care Benefit and the Child Care Tax Rebate —Filipino

Ang Benepisyo para sa Pangangalaga sa Bata ay tumutulong sa halaga ng pangangalaga sa bata para sa mga pamilyang gumagamit ng inaprubahan at/o rehistradong pangangalaga. Ang Rebate para sa Buwis ng Pangangalaga sa Bata ay karagdagang tulong sa halaga ng pangangalaga sa bata para sa mga pamilyang nagtatrabaho.

Sino ang maaaring makakuha ng Benepisyo para sa Pangangalaga sa Bata?

Maaari kayong kumuha ng Child Care Benefit (Kabayaran sa Pag-aalaga ng Bata) kung matutugunan ninyo ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon:

- May anak kayong inaalagaan
- Ang inyong anak ay iniiwan sa aprobado o rehistradong pag-aalaga at kailangang bayaran ang pag-aalaga ng bata
- Ang inyong anak ay nakatanggap na ng mga kailangang bakuna (o hindi kailangan)
- Kayo o ang inyong kapartner ay naninirahan sa Australya nang may sapat na bilang ng taon (o hindi kailangan)

Ang Inaprubahang Pangangalaga sa Bata ay ibinibigay ng mga serbisyo para sa pangangalaga sa bata na inaprubahan ng Kagawaran ng Edukasyon, Trabaho at Mga Ugnayan sa Lugar Pantrabaho. Karamihan sa mahabang araw na pangangalaga, family day care, pangangalaga bago at matapos ang iskuwela, pangangalaga sa bakasyon, sa tahanan at serbisyo ng paminsan-minsang pangangalaga ay mga inaprubahang pangangalaga sa bata.

Ang Rehistradong Pangangalaga sa Bata ay ang pangangalagang ibinibigay ng mga lolo at lola, mga kamag-anak, mga kaibigan o mga tagapag-alaga ng bata para sa pangangalagang may kaugnayan sa trabaho at nakarehistro sa Tanggapan ng Tulong Pampamilya. Maaaring kabilang din dito ang pangangalagang ibinibigay ng mga indibiduwal sa pribadong mga pre-school at kindergarten gayundin ang ilan sa mga serbisyo para sa pangangalaga bago at matapos ang iskuwela at paminsan-minsang pangangalaga. Upang makakuha ng Benepisyo para sa Pangangalaga sa Bata para sa rehistradong pangangalaga, ikaw at ang iyong kapartner ay kailangang pumailalim sa pagsusuri ng trabaho, pagsasanay at pag-aaral.

Elidyibol na mga Oras

Ang lahat na elidyibol na pamilya na gumagamit ng aprobadong pag-aalaga ay makakakuha ng hanggang sa 24 oras ng Child Care Benefit para sa bawat bata sa buong linggo. Maaari kayong:

- Kumuha ng hanggang sa 50 oras ng Child Care Benefit para sa bawat bata sa aprobadong pag-aalaga kung kayo o ang inyong kapartner ay nagtatrabaho o naghahanap ng trabaho, nagsasanay, nag-aaral ng 15 oras bawat linggo o 30 oras tuwing ikalawang linggo o nailibre sa mga kailangang ito.
- Kumuha ng hanggang sa 50 oras ng Child Care Benefit para sa bawat bata sa isang rehistradong pag-aalaga kung kayo o ang inyong kapartner ay nagtatrabaho o naghahanap ng trabaho, nagsasanay, nag-aaral sa anumang araw ng linggo o nailibre sa mga kailangang ito,
- Kumuha ng mahigit sa 50 oras ng Child Care Benefit para sa bawat bata sa isang aprobadong pag-aalaga kung kayo o ang inyong kapartner ay hindi makapag-aalaga ng inyong anak nang mahigit sa 50 oras bawat linggo dahil sa trabaho, pag-aaral o pagsasanay (kasama ang paglalakbay patungo at mula sa trabaho).

Magkano ang maaari kong matanggap na Benepisyo para sa Pangangalaga sa Bata?

Ang lahat ng halaga ng kabayaran ay angkop sa kasalukuyan mula sa petsang Ika-7 ng Hulyo 2008.

Ang mga pamilyang gumagamit ng inaprubahang pangangalaga na may taunang kita na nasa halagang $36,573 o mas mababa ay maaaring makakuha ng pinakamataas na halaga ng Benepisyo para sa Pangangalaga sa Bata. Ang pinakamataas na halaga ng Benepisyo para sa Pangangalaga sa Bata para sa isang batang wala pa sa edad upang mag-aral ay $3.47 bawat oras o $173.50 para sa 50 oras bawat linggo. Ang pinakamataas na halaga para sa isang batang nag-aaral ay 85 porsiyento ng pinakamataas na halaga para sa batang hindi pa nag-aaral. Ang mga halagang ito ay maaaring madagdagan para sa karagdagang mga bata na tumatanggap ng pangangalaga.

We speak your language ✆ 13 1202

www.familyassist.gov.au

Australian Government
Family Assistance Office

Ang Benepisyo para sa Pangangalaga sa Bata ay nababawasan kapag ang kinikita ng iyong pamilya ay umabot sa $36,573. Ang mga pamilyang kumikita nang mataas sa hangganan ng kita ay hindi na tatanggap ng minimong halaga ng Benepisyo para sa Pangangalaga sa Bata. Ang mga hangganan ng kita kung saan ang Benepisyo para sa Pangangalaga sa Bata ay hindi maaaring bayaran ay nasa halagang $126,793 para sa isang anak, $131,457 para sa dalawang anak, $148,452 para sa tatlong anak at dagdag na $28,020 para sa bawat batang tumatanggap ng pangangalaga pagkatapos ng ikatlong anak. Ang mga pamilyang ito ay tatasahin bilang halagang zero ng Benepisyo para sa Pangangalaga sa Bata. Ito ay magbibigay daan upang ang mga pamilyang ito ay patuloy na tumanggap ng Rebate para sa Buwis ng Pangangalaga sa Bata.

Ang mga pamilyang gumagamit ng rehistradong pangangalaga ay karapat-dapat para sa halagang $0.581 bawat oras naaabot sa $29.05 bawat linggo para sa 50 oras para sa batang hindi pa nag-aaral.
Ang halaga para sa batang nag-aaral ay 85 porsiyento ng halaga para sa batang hindi pa nag-aaral. Mahalagang tandaan na hindi ka maaaring tumanggap ng Rebate para sa Buwis ng Pangangalaga sa Bata para sa rehistradong pangangalaga.

Sino ang maaaring makakuha ng Rebate para sa Buwis ng Pangangalaga sa Bata

Maaari ka ring makakuha ng Rebate para sa Buwis ng Pangangalaga sa Bata kung matutugunan mo ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon:

- Ikaw ay nakagamit na ng inaprubahang pangangalaga sa bata
- Ikaw ay natasang karapat-dapat tumanggap ng Benepisyo para sa Pangangalaga sa Bata
- Ikaw at ang iyong kapartner ay nakatugon sa pagsusuri sa trabaho, pagsasanay at pag-aaral (para sa layunin ng rebate)

Magkano ang maaari kong matanggap na Rebate para sa Buwis ng Pangangalaga sa Bata?
Mula Hulyo 2008, ang karapat-dapat na mga pamilya ay maaaring tumanggap ng 50 porsiyento ng kanilang labas-sa-bulsang gastos para sa pangangalaga sa bata para sa inaprubahang pangangalaga na aabot sa pinakamataas na halagang $7,500 (indexed) bawat bata kada taon.

Para sa dagdag an impormasyon:

- Tumawag sa Family Assistance Office(Tanggapanng Tulong sa Pamilya) sa **13 1202** sa pagitan ng 8.00n.u. at 5.00n.h. (EST) Lunes hanggang Biyernes para sa impormasyon sa wikang Filipino.
- Bisitahin ang website sa **www.familyassist.gov.au**
- Bisitahin ang iyong pinakamalapit na Tanggapan ng Tulong Pampamilya na matatagpuan sa mga tanggapan ng Medicare Australia, mga Sentro ng Serbisyong Pangkostumer ng Centrelink at mga shopfront ng Tanggapan ng Pagbubuwis sa Australia.